


# SIPAT-LANDAS 2017

KASAGANA - KA COOPERATIVE 2016

# SIPAT-LANDAS



Ito ay ang taunang pagbibigay ulat ng Kasagana-ka Synergizing Organizations (KSO) na binubuo ng Kasagana-ka Credit and Savings Cooperative (K-Coop), Kasagana-ka Development Center, Inc. (KDCI), at Kasagana-ka Mutual Benefit Association, Inc. (KMBA) sa mga miyembro nito. Kabilang sa mga ibinabahagi ng pamunuan ay ang kalagayang-pinansiyal, mga programa at serbisyo, at ang naging *performance* ng mga organisasyon sa nakalipas na taon gayundin ang mga plano para sa kasalukuyang taon. Ang nagbibigay ng ulat ay ang mga namumuno sa bawat organisasyon. Para sa K-Coop ay sina General Manager MeAn Ignacio at Operations Manager Dexter Flores, sina Chieft Executive Officer MC Valte at Chief Operating Officer Judylyn Joven para sa KDCI, at sina General Manager Salve Antiquera at Operations Manager Evangeline Pe ang para sa KMBA.

Panahon din
ito kung saan ay
ipinapamalas ng
mga miyembro
at ng mga
empleyado ang
kanilang husay
sa pag-awit at
pagsayaw.







# K-KWENTUHAN




*"Iyong dahilan sa pananatili ko sa Kasagana-ka, in 16 years, hindi nga po ba yung kasabihan na, kung hindi ninyo mahal ang isa't isa, hindi kayo magtatagal ng ganoon katagal. Mahal ko po talaga ang Kasagana-ka. Marami akong nakuhang blessings sa Kasagana-ka, kaya hindi ko ito kayang iwan."*

-**Estelita Hutalla mula sa Novaliches Satellite Office**

# K-KWENTUHAN



*"Ang Kasagana-ka para po sa amin ay napakaganda dahil hindi lamang sila basta nagpapahiram ng pera kundi sila ay tunay na kaibigan, kapatid, kamag-anak, nanay, tatay, ganoon po ang Kasagana-ka sa amin. Marami kami noon na sinalihan pero binitawan na namin. Ang Kasagana-ka lang ang di namin iniwan dahil napakaganda nito."*

**-Evangeline De Guzman mula sa Pulilan Satellite Office**

# K-KWENTUHAN

*"Kaya ako nananatili sa Kasagana-ka dahil sa pagdating ng oras na nangangailangan ka, hindi mo na kailangan pang lumapit sa iba dahil andito na po lahat sa Kasagana-ka. Nagpapasalamat po ako sa Panginoon dahil dumating po sa atin ang Kasagana-ka."*

-**Florita Anzale mula sa Paranaque Satellite Office**



# K-KWENTUHAN




*"Ang Kasagana-ka ay napakaraming binigay sa aking blessing. Hindi lamang sa pangungutang, dito ko din natutunan na ibahagi ang mga natutunan ko sa training, kaya nakakahikayat ako ng maraming miyembro. Sabi ko sa kanila, dito sa Kasagana-ka, marami kang malo-loan, mapagtatapos mo pa ang iyong mga anak."*

**-Josefina Torres mula sa Marikina Satellite Office**




Sa buong buwan ng Abril ay sampung cluster mula sa iba't ibang lugar na sakop ng Kasagana-ka ang naging bahagi ng Sipat-Landas. Dito, maraming mga miyembro ang nagsilbing inspirasyon ng kanilang kapwa miyembro, maraming mga pangarap at panaginip ang sinimulang buuin at maraming ngiti sa labi ang naihatid ng aktibidad na ito.




**Isang kagalakan sa amin na makita ang inyong mga ngiti.**

**Maraming Salamat po!**

**MAYO 2018**